



California School Nurses Organization
(Samahan ng Mga Nars sa Paaralan ng California)
Pinapabuti ang Kalusugan ng Mag-aaral at Pinapahusay ang
Pag-aaral

**Mga Estratehiya ng Nars ng Paaralan para
Matugunan ang Talamak na Hindi Pagpasok sa Paaralan**

1. Bilang isang tagapamahala ng kaso, lumikha ng may tiwala at mapag-asikasong ugnayan na nagtatagiyod ng bukas na komunikasyon sa pagitan ng mga pamilya, estudyante, tagapangasiwa, guro, staff, mga provider ng pangangalaga ng kalusugan sa komunidad;
2. Tiyakin na ang mga mag-aaral ay may pakiramdam na ligtas sila sa paaralan;
3. Ipasadya ang mga serbisyong ipinagkakaloob sa mga mag-aaral na may talamak na kondisyong pangkalusugan (hal. ang pagkakaroon ng nebulizer sa paaralan ay nagpapadali na matugunan ang mga pag-atake ng hika para makakabalik o maaaring manatili sa paaralan ang mga mag-aaral nang may suporta na higit pa sa MDI?);
4. Maging bukas sa pakikipagtulungan sa mga pamilya upang mabisang mapangalagaan ang mga humahadlang sa mabuting attendance sanhi ng kalusugan;
5. Magkaloob ng propesyonal na development at suporta para sa mga guro at iba pang mga staff ng paaralan para mapahintulutan silang maunawaan ang mga medikal na hadlang na may kinalaman sa kalusugan at para makasali sila bilang ma kapartner sa pagtutugon ng iba't ibang mga cognitive (nagbibigay-malay), emosyonal, at pakikipagkapwang mga pangangailangan ng mga mag-aaral;
6. Tasahin ang mga pangangailangan ng mag-aaral na may kinalaman sa pisikal na aktibidada, nutrisyon, at labis na katabaan, at magkaloob ng pagpapayo at iba pang mga serbisyo para matugunan ang mga pangangailangang iyon;
7. Tugunan ang talamak na pagkakahuli sa pagpasok sa paaralan, maagang pag-alis sa paaralan, at hindi pagpasok sa klase bilang dagdag sa talamak na hindi pagpasok sa paaralan;
8. Ipagtanggol ang pamamaaraan para sa buong paaralan para matugunan ang talamak na hindi pagpasok;

9. Humiling ng pahintulot sa mag-aaral at magulang na i-ugnay sila sa iba pang mga sistema ng suporta ng paaralan para makapagtatag ng ugnayan sa pagitan ng mag-aaral at paaralan;
10. Magsagawa ng mga klase para sa magulang/tagapag-alaga at mag-aaral na ang paksa ay tungkol sa kalusugan;
11. Hikayatin ang paggamit ng sistema ng pag-uulat para sa mas mabuting pangangalap ng data;
12. Paramihin ang bilang ng mga bata na tumatanggap ng pag-aalaga makalipas makilala ng mga pagsusuri sa paaralan na ang kanilang mga pangangailangan ay hindi natugunan;
13. Tulungan ang mga mag-aaral/pamilya na ma-access ang mga pisikal at pangkaisipan na provider para sa pag-aalaga ng kalusugan;
14. Kung ang magulang ay walang insurance, i-ugnay sila sa Covered California Exchange (www.coveredca.com) sa pamamagitan ng pagkikilala sa isang tumutulong na ahensya.